

INANG MAHAL

Inang mahal,
Mariang Ina sa kandungan mo'y nahimlay
Ang sanggol mong aming buhay.

Pakinggan mo
At ihatid aming mga panalangin
Kay Hesus na kaligtasan namin.

Pag-ibig mo, Inang kay tamis,
Ipadama mo sa aming tumatangis.
Turuan mo kaming magmahal
Kay Hesus, aming Tagapagligtas.

Inang mahal,
Huwaran ka ng pagsisilbi sa Diyos
Sa pag-akap mo kay Hesus.

Pakinggan mo,
Ang panalangin naming matularan ka
Sa tindi ng pag-ibig mo sa Kanya.